

Tubig na Buhay

MATERYAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Basahin ang mga sumusunod na scripture passage at pahayag, at maghanap ng mga kabatiran tungkol sa tubig na buhay na ibinibigay ni Jesucristo.

- Juan 4:13–14
- Juan 7:37–38
- 2 Nephi 9:50–51
- 3 Nephi 20:8–9

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Ang tubig na buhay na tinutukoy sa [Juan 4:10] ay sumasagisag sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. At tulad ng tubig na kinakailangan para mabuhay, gayon din ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga doktrina, alituntunin, at ordenansa ay kinakailangan para sa buhay na walang hanggan. Kailangan natin ang Kanyang tubig na buhay araw-araw at sapat na suplay nito na tutulong sa patuloy na paglakas at pag-unlad natin sa espirituwal.

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga salita ni Cristo at ang mga ito ay imbakan ng tubig na buhay na nasa atin na at makaiinom tayo nang marami at sagana. Dapat tayong umasa at lumapit kay Cristo, na siyang “bukal ng mga buhay na tubig” (1 Nephi 11:25; ihambing sa Eter 8:26; 12:28), sa pamamagitan ng pagbabasa (tingnan sa Mosias 1:5), pag-aaral [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 26:1], pagsasaliksik (tingnan sa Juan 5:39; Alma 17:2), at pagpapakabusog (tingnan sa 2 Nephi 32:3) sa mga salita ni Cristo na nakasaad sa mga banal na kasulatan. Sa paggawa nito, tayo ay makatatanggap ng espirituwal na paggabay at pangangalaga habang tayo ay naglalakbay sa buhay na ito. (David A. Bednar, “A Reservoir of Living Water” [Church Educational System fireside para sa mga young adult, Feb. 4, 2007], 1, broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Napakaraming taong ayaw magpakabusog sa ebanghelyo ni Jesucristo at tinitikman lang ang pagkain sa harapan nila. Ginagawa nila ang

nakagawian—siguro dumadalo sa mga miting, pabasa-basa nang kaunti sa mga banal na kasulatan, paulit-ulit sa pananalangin—ngunit malayo ang mga puso nila. Kung magiging tapat sila, aaminin nilang mas interesado sila sa pinakahuling tsismis sa kapitbahay, sa galaw ng stock market, at sa paborito nilang palabas sa TV, kaysa sa mga kahanga-hangang himala at magiliw na pagmiministeryo ng Banal na Espiritu.

Nais ba ninyong makibahagi rito sa tubig na buhay at madama ang banal na balon na iyon na bumubukal sa inyo tungo sa buhay na walang hanggan?

Kung gayon ay huwag matakot. Maniwala nang buong puso. Magkaroon ng matatag na pananalig sa Anak ng Diyos. Hayaang manalangin nang taimtim ang inyong puso. Puspusin ang inyong isipan ng kaalaman tungkol sa Kanya. Talikuran ang inyong mga kahinaan. Mabuhay sa kabanalan at sundin ang mga utos. (Joseph B. Wirthlin, “Ang Masaganang Buhay,” *Liahona*, Mayo 2006, 100)

Batay sa natutuhan mo sa pag-aaral ng resources na ito, simulang gumawa ng outline para sa iyong mensahe. Tiyaking masasagot ng outline mo ang mga sumusunod na tanong. Pag-isipan din kung paano mo maipababatid ang nadarama mo tungkol kay Jesucristo sa iyong mensahe. Isiping magbahagi ng mga personal na karanasan mo sa pagtanggap ng tubig na buhay ng Tagapagligtas at kung paano nakaimpluwensya sa iyo ang mga karanasang iyon.

- Ano ang tubig na buhay na ibinibigay ni Jesucristo?
- Bakit natin kailangan ang tubig na buhay ng Tagapagligtas?
- Ano ang magagawa natin upang matanggap ang tubig na buhay mula sa Tagapagligtas?
- Paano nakaaapekto sa nadarama mo tungkol sa Tagapagligtas ang kaalamang nais Niya na makibahagi ang lahat ng tao sa Kanyang tubig na buhay?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW